

## **Mga guro at mag-aaral, isasama sa mental health wellness campaign ni Joy B**

Tiniyak ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte na kasama ang mga guro at mga mag-aaral sa mental health wellness campaign na ipatutupad ng tanggapan.

Ito ay sinabi ni Belmonte makaraan ang pagpapakamatay noong nakaraang linggo ng isang public school teacher sa Leyte.

Kaugnay nito, suportado naman si Belmonte sa isang programa ng Natasha Goulbourn Foundation (NGF) na layong gumawa ng mga module hinggil sa mental health para sa mga paaralan upang pangalagaan ang mental wellness ng mga estudyante at guro.

“[NGF] did modules for school to incorporate depression and mental health in the school curriculum, and now they are going to have modules for teachers,” sinabi ni Belmonte sa isang pulong kasama si NGF Founder Jeannie Goulbourn.

“In their records, 30% of teachers are suffering from depression. So medyo malaki, diba? That’s where we’re trying to work together,” dagdag ni Belmonte.

Sa kanilang mga pro-

grama para sa sektor ng edukasyon, humihingi ng tulong ang NGF mula sa mga professional mental health care provider upang magbigay-kaalaman ukol sa depression sa mga pampublikong paaralan, mga kolehiyo at mga unibersidad.

Nagsasagawa rin ang organisasyon ng training programs upang magturo sa mga guro, mga magulang at mga lider ng komunidad ng psychotherapy at sanayin sila upang alamin kung kailangan nang mamagitan ang isang mental health care professional sa isang kaso.

Noong 2011, nakipag-ugnayan si Belmonte sa NGF, mga ahensya ng pamahalaan, mga unibersidad, at mga non-government organization upang ipagdiwang ang World Suicide Prevention Day sa pamamagitan ng iba’t ibang programa sa QC.

Sinabi rin ni Belmonte na nakikipagtulungan siya sa mga opisyal ng Sangguniang Kabataan (SK) sa QC upang magsagawa ng mga proyekto para itaguyod ang mental health ng mga kabataan. *(Angie dela Cruz)*